**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
**ISSN: 2704-3010**
**Volume IV, Issue I**
**August 2022**
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*

# KIROT NA KUMUKUROT

ni **Dr. LEOPOLDO R. TRANSONA JR., LPT**

I. Pagaspas ng Dahon, Humahalik sa Bubong
Ragasa ng Alon, Dumadagongdong!
Dilim ng paligid, tako't sa Pusoy Umaaligid
Dampi ng hanging sa balat, na may sugat nangingilid

II. Tumingala man sa langit, Damdami'y nagngingitngit,
Mula sa buntong-hininga, mababakas ay pait
Pagkain ma'y mula sa ayuda, minsa'y ipinagkakait
Tanging sa Panginoon, mga tao'y kumakapit

III. Mag-iwan man ng Kurot sa Dibdib
Anumang kirot o alaalang nagdulot ng panganib
Kagamitan ma't bahay, pangangalaga'y tigib
Dumaan man bagyo't pandemya'y pinairal lakas ng dibdib

IV. Pilipino'y muling babangon, ang bukas ay iaahon
Lipulin man ng lakas, haharapin anumang hamon
Tila bulubunduking sulirani'y sinubok ng panahon
Dugo't pawis inalay! Buong buhay hindi huminahon

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro, Ma. Rhoda E. Panganiban
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto

**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
ISSN: 2704-3010
Volume IV, Issue I
August 2022
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*

V. Pinoy bangon! Ipaglaban
Unos at Dagok sa buhay huwag hayaan
Kapit higpitan ng pagkapilipit maiwasan
Nang sa gano'y bukang liwayway makakamtan

VI. Sabihin man na ang bansang Pilipinas ay mahirap
Ang Pilipino'y mayaman sa talento't pangarap
Na gabay sa umuusbong na Saya!
Sa anumang paglalakbay na maharaya!

VII. Siklab! Sikad! Sigla!
Masasawata ang kirot na nadarama
Makakamtan muli ang ligaya
Matututong humakbang sa Tuwina!

VIII. Kahit ang ahas, nagpapalit balat
Upang katawa'y lumakit maging matatag
Tao pa kayang biniyayaan ng lahat
Upang ang bansa't mundo'y maiangat!

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro, Ma. Rhoda E. Panganiban
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto